


Pagsusuri ng X-ray ng dibdib

Ano ang malalaman mula rito?

Malalaman kung sumulong ang sakit na TB

Daloy ng pagsusuri

- ① Magsuot ng 1 kamisetang pang-itaas sa palitan ng damit sa silid para sa pagsusuri ng X-ray ng dibdib
- ② Pagpasok sa silid ng pagsusuri, aayusin ng tagapagsuri ang posisyon ng katawan sa harap ng makina
- ③ Kapag natakda ang posisyon ng katawan, papasok sa bukod na silid ang tagapagsuri
- ④ Kapag narinig ang boses na nagsasabing “Ōkiku iki o sutte sono mama tomete kudasai” mula sa mikropono, huminga nang malalim at ihinto ito
- ⑤ Kapag narinig naman ang boses na nagsasabing “Hai, raku ni shite kudasai.” mula sa mikropono, huminga nang maluwag



- ⑥ Kapag lumabas na ang litrato ng X-ray, ipapaliwanag ito ng doktor
- ⑦ Ipapaalam ang resulta alinsunod sa hatol na nakasulat sa ibaba.

Walang diperensya	<ul style="list-style-type: none">• Walang pahiwatig na kailangan ng pagpapagamot• Walang pahiwatig ngunit dahil may pagkahawa ayon sa resulta ng pagsusuri ng dugo, magpapagamot para makaiwas sa pagsulong ng sakit. Magpapakilala sa inyo ng institusyong medikal.
May pahiwatig	<ul style="list-style-type: none">• Kailangan ang pagpapagamot Magpapakilala sa inyo ng institusyong medikal.• Kailangan ang masusing pagsusuri Magpapakilala sa inyo ng institusyong medikal.

- ⑧ Ayon sa resulta, ipapaalam sa inyo ang schedule ng gagawing pagsusuring pangkalusagan.